

1. Pagpapadala ng Notipikasyon sa Bayarin ng National Health Insurance at ang Renewal para sa Bagong Health Insurance Card.

Ang National Health Insurance ay isang sistema na magbibigay tulong sa mga miyembro nito na nag-aambag ng bayarin upang maibsan ang gastusing medikal sa oras ng pangangailangan tulad ng pagkakasakit o aksidente.

Ang notipikasyon sa bayarin sa National Health Insurance para sa taong kasalukuyan ay ipapadala sa ika-15 ng Hulyo. At ang huling araw na itinakda para sa pagbayad ng unang installment nito ay sa ika-2 ng Agosto kaya dapat bayaran natin ito bago ang nasabing deadline. Kaugnay nito, ang kasalukuyang ginagamit na National Health Insurance card ay may bisa lamang hanggang sa katapusan ng Hulyo. Ang bagong Health Insurance card ay may bisa mula sa umpisa ng Agosto at ito ay ipapadala sa katapusan ng buwan ng Hulyo.

Kung sakaling lumipat na ng National Health Insurance sa lugar ng trabaho ay tiyaking maibalik ang gamit na Insurance card sa tanggapan ng lungsod.

2. Ang Application para sa Pagpapatala ng mga Batang Papasok sa Nursery Schools, Kindergardens o mga Sertipikadong Pasilidad sa Pangangalaga ng mga Bata para sa Susunod na Taon ng 2022.

Ang mga aplikasyon ay tatanggapin na para sa mga nagnanais maipasok ang kanilang mga anak sa Nursery, Kindergardens o mga parehong pasilidad na sertipikado na nangangalaga ng bata para sa taong 2022. Ito ay tatanggapin mula sa unang araw ng Setyembre hanggang ika-30 ng parehong buwan. Ang lugar kung saan isusumite ang aplikasyon ay sa ikalawang palapag ng main building ng city hall sa may Child Care Section mula 8:30 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Maari rin isumite ang applications sa mga sangay ng munisipiyo o community halls sa Community Development Promotion Section nito mula rin sa umpisa ng Setyembre hanggang sa ika-24 ng parehong buwan.

Para naman sa mga pribado ngunit sertipikadong paalagaan ng bata ay tatanggapin na ang mga applications dito mula rin sa umpisa ng Setyembre. Kaya pwede ng isumite ng direkta sa bawat pasilidad na mga ito sa nasabing araw. Bilang karagdagan, pwede rin bisitahin o tingnan ang bawat pasilidad na nais ipaalaga ang bata. Bagama't hindi na kailangan ang reserbasyon para rito ay tiyakin lamang ang petsa at oras na pagpunta at makibahagi sa facility tours.

3. Pag-iwas sa Heat Stroke

Ngayong panahon ng tag-init habang pinapanatili ang mga pamamaraan sa pag-iwas sa COVID19 ay dapat din nating pag-ingatan ang heat stroke. Ang heat stroke ay pwedeng mangyari sa loob at labas ng tahanan kung kaya't ang temperatura sa loob ng silid ng bahay ay dapat hindi lalampas ng 28 degrees centigrade. At upang makaiwas din sa impeksyon ng COVID19 ay dapat may sapat na bentilasyon ang silid sa pamamagitan ng pagbukas ng bintana o ng exhaust fan habang gumagana ang air condition.

Kung nakasuot ng face mask ay maaring hindi maramdaman ang pagka-uhaw. Kaya dapat uminom ng tubig bago makaramdam nito. Ganundin sa paggising, sa pagkain, kung lalabas ng bahay o tuwing mag-eehersisyo, bago maligo o matulog ay dapat uminom ng tubig.

Simula sa taong ito ay maglalabas ng Heat Stroke Alert sa mga araw na kung kailan ang panganib ng heat stroke ay inaasahang magiging napakataas.

Iwasan ang init at huwag munang lumabas sa mga araw na naihayag ang alerto na ito.

4. Mga Kapakipakinabang na mga Paala-ala sa Oras ng Sakuna.

Sa bansang hapon, ngayong pagpasok ng tag-ulan ay inaasahan ang pagdating ng mga bgyo at malalakas na pag-ulan na maaring sanhi ng pag-apaw ng mga ilog, pagguho ng bundok at iba pang mapanganib na sakuna.

Ang Japan Meteorological Agency ay mag-iisya ng mga babala tungkol sa matinding pag-ulan na posibleng magdulot ng mga kalamidad. Kung sa ating palagay ay manganganib ang ating kalagayan ay huwag ng mag-atubiling lumikas sa mga itinalagang evacuation centers sa lalong madaling panahon.

Para sa mga dayuhang residente ay mayroong free App na kung tawagin ay ***“Safety Tips”*** na pwedeng idownload. Dahil sa App na ito ay madaling maunawaan ang mga inilabas na impormasyon sa oras ng sakuna. Ang App na ito dineveloped ng Japan Tourism Agency para sa mga dayuhang turista at ito ay nakasalin sa 15 wika kabilang na ang Ingles, Chinese, Espanyol, Vietnamese, Tagalog at Nepali bilang karagdagan sa Nihonggo. Ginawa ito para sa mga dayuhan na ninais ng manirahan sa Japan. Sa pamamagitan ng App na ito ay aabisuhan ka sa mga alerto tungkol sa lindol, babala sa panahon, impormasyon sa pagsabog ng bulkan, heat strokes, impormasyon at tagubilin sa paglikas sa mga evacuation centers. Mangyaring idownload natin ito at gamitin.